



Tungkol sa Kalusugan

PCP

Huling binago noong September 2003

Ano ang PCP?

- Ang PCP ay bugtong sa “Pneumocystis Carinii Pneumonia”. Ito ay impeksyon sa baga na maaaring ikamatay. Ito ay isa sa pinaka-karaniwan at pinakamalubhang impeksyon na nauugnay sa AIDS.
- Ang mga taong HIV positive na may CD4 count na mas mababa sa 250 ay may panganib na magkaroon ng ganitong uri ng pneumonia.

Paano nagkakaroon ng PCP?

- Ang mikrobyong Pneumocystis Carinii ang pinagmumulan ng PCP. Ito ay pangkaraniwan at karamihan ng tao ay na-e-expose dito. Ganunpaman, ang mga taong mahina ang immune system lamang ang nagkakaroon nito, tulad ng mga pasyenteng tumanggap ng transplant, mga nag-ke-chemotherapy para sa cancer o iyong mga may malalang HIV infection.

Anu-ano ang mga palatandaan o sintomas ng PCP?

- Kabilang sa mga sintomas ng PCP ang mga sumusunod
 - Lagnat
 - Tuyong ubo
 - Pagkahapo
 - Papalalang panghihinal
- Kadalasan ang ubong sanhi ng PCP ay tuyo, lalo na sa mga pasyenteng hindi naninigarilyo. Sa mga pasyenteng naninigarilyo, ang ubo ay may halong plema.
- Ang mga sintomas na ito ay maaaring hindi malala sa simula nguni’t unti-unting lalala paglipas ng ilang linggo.
- Kung ang PCP ay nakita kaagad, ito ay kadalasang nagagamot. Subali’t kung napabayaang hindi nagagamot nang maaga, ito ay maaaring ikamatay. Kung mayroon ka ng mga sintomas na ito, magpatingin kaagad sa iyong doktor.

Paano ko maiiwasang magkaroon ng PCP?

- Kung malusog ang iyong immune system, (bilang ng CD4 na mas mataas sa 500), hindi ka magkaka-PCP. Ang sakit na ito ay hindi nakakahawa at nakukuha sa mga taong nasa paligid.
- Kung ang bilang ng iyong CD4 ay 250-500, ang panganib na magkaroon ng PCP ay hindi lubhang mataas kung ihahambing sa may CD4 na mas mataas sa 500.
- Kung ang iyong CD4 ay mas mababa sa 250 o kung nagka-PCP ka na noon, ang panganib ng pagkakasakit nitong muli ay napakataas. Samakatwid, kailangang uminom ng isa sa mga gamot sa PCP.



- Ang mga gamot na ginagamit upang maiwasan ang PCP ay ang mga sumusunod:
 - Trimethoprim-Sulfamethoxazole (TMP/SMX o Septra o Bactrim) na iniinom.
 - Dapsone (Avlosulfon) iniinom nang nag-iisa o kahalo ng gamot na tinatawag na Pyrimethamine.
 - Pentamidine, paglanghap o ineksyong direktso sa ugat paminsan-minsan.

Ang mga gamot na ito ay makatutulong upang maiwasan ang PCP subali't ito'y hindi 100% na ligtas. May mga pasyenteng nagkakasakit ng PCP kahit na umiinom ng mga gamot na laban dito.

Paano ginagamot ang PCP?

- Iba't-ibang paraan ang paggamot sa PCP. Depende ito sa kalusugan ng pasyente, kung may drug allergies, at kung gaano kalubha ang mga sintomas. Sa mga taong hindi gaanong malubha ang sakit, maaaring gamutin ito sa bahay sa pamamagitan lamang ng pag-inom ng tabletas. Sa mga may kalubhaan ang sakit, kinakailangang dalhin sila sa ospital at gamutin sa pamamagitan ng intravenous medication.
- Ang gamot sa PCP ay kailangang inumin nang tatlong linggo. Maaaring abutin ng isang linggo bago makaramdam ng pagbabago ang pasyente. Kakailanganing inumin ang gamot sa PCP habang -buhay.
- Ang mga sumusunod ay mga gamot sa PCP:
 - Trimethoprim-Sulfamethoxazole (TMP/SMX, Septra o Bactrim) - iniinom o IV
 - Pentamidine - IV
 - Dapsone (Avlosulfon) at Trimethoprim (Proloprim) - iniinom
 - Clindamycin at Primaquine – iniinom
 - Atovaquone (Mepron) – iniinom
- Kung ang PCP ay malubha, ang Prednisone ay maaaring gamitin kasama ng mga gamot na nakalista sa itaas.

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.